# *Huwag Magsinungaling Yugto 1*

***"11 Huwag kayong magnanakaw; ni magdadaya, ni magsisinungaling ang sinoman sa iba." (Levitico 19:11 KJV)***

Sa mensaheng ito tatalakayin natin anv isang utos ng Dios at sa utos na ito, ***"ni magdadaya, ni magsisinungaling ang sinoman sa iba."*** Marami ang nagsasabi na hindi tayo mabubuhay nang hindi nagsisinungaling. At ang iba'y sasabihin na paano tayo hindi magsisinungaling. Ang iba'y magsasabing, kung hindi tayo magsisinungaling hindi sila maniniwala, kaya upang mabuhay kailangan nating magsinungaling. Ngunit iyon ay hindi ang katotohanan o ang paraan na nais ng Makapangyarihang Dios na mamuhay tayo para sa Kanya.

Ang unang kasinungalingan na nabanggit sa Bibliya ay sinabi ni Satanas nang siya ay nagsinungaling sa babae. Habang sinabi ng babae kay Satanas kung ano ang iniutos ng Dios na gawin nila. ***"3 Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay 4 At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay: 5 Sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama." (Genesis 3:3-5 KJV)*** Ang sagot ni Satanas sa babae ay ganito: ***"Tunay na hindi kayo mamamatay:"*** At iyon ang unang kasinungalingan na binanggit sa Bibliya kung saan nagbigay si Satanas ng maling pakiramdam ng seguridad nang kanyang tiyakin sa babae na maaari niyang suwayin ang utos ng Dios at siya ay maaari pa ring mabuhay. Ang pamumuhay sa isang buhay ng kasinungalingan ay nasa anyo ng pamumuhay na labag sa utos ng Dios at naniniwala na hindi ka mamamatay sa espiritu. Nang sina Adan at Eva ay sumuway sa Dios at nagtiwala sa mga kasinungalingan ni Satanas, na maaari pa silang mabuhay matapos baliin ang Salita ng Dios, sila ay namatay sa espiritu. Marami ang bumabali sa Salita ng Dios ngunit dapat nilang maunawaan na wala silang buhay kung hindi sila magbabago at itutuwid ang kanilang ugnayan sa Dios. Sinugo ng Panginoong Dios ang Kanyang Anak na si Panginoong JesusCristo upang iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan. Namatay si Hesus sa krus para sa ating mga kasalanan upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Maaari tayong bumalik sa Dios kung tayo ay magbabalik-loob mula sa ating mga kasalanan at mamuhay sa pagsunod sa mga utos ng Dios. Ngunit kung lalapit ka sa Dios at patuloy kang namumuhay sa kasalanan, wala itong magiging benepisyo sa iyo dahil ikaw ay espiritwal na patay pa rin at iyon ang nangyari kina Adan at Eva nang sila ay nagkasala laban sa Dios at hindi nagsisi.

***"4 Ang sinomang gumagawa ng kasalanan ay sumasalangsang din naman sa kautusan: at ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa kautusan. 5 At nalalaman ninyo na siya'y nahayag upang magalis ng mga kasalanan; at sa kaniya'y walang kasalanan. 6 Ang sinomang nananahan sa kaniya ay hindi nagkakasala; sinomang nagkakasala ay hindi nakakita sa kaniya, ni hindi man nakakilala sa kaniya. 7 Mumunti kong mga anak, huwag kayong padaya kanino man: ang gumagawa ng katuwiran ay matuwid, gaya niya na matuwid: 8 Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diablo; sapagka't buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diablo. Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Dios, upang iwasak ang mga gawa ng diablo. 9 Ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala, sapagka't ang kaniyang binhi ay nananahan sa kaniya: at siya'y hindi maaaring magkasala, sapagka't siya'y ipinanganak ng Dios. 10 Dito nahahayag ang mga anak ng Dios, at ang mga anak ng diablo: ang sinomang hindi gumagawa ng katuwiran ay hindi sa Dios, ni ang hindi umiibig sa kaniyang kapatid." (1 Juan 3:4-10 KJV)***

Ang kasinungalingan ay mula kay Satanas at iyon ang binanggit sa Bibliya tungkol kay Satanas. Sinabi ni Jesus ang tungkol kay Satanas ang sumusunod nang hinarap Nya ang mga Judio na naniwala sa Kanya: ***"44 Kayo'y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito." (Juan 8:44 KJV)*** Kaya't ang kasinungalingan ay wika ni Satanas at kapag nagsalita tayo at pinaunlakan ang kasinungalingan kung gayon pinapaunlakan natin ang gawain ni Satanas at masangkot sa kanya. Ang panganib niyon ay malinaw, kapag nagsinungaling ka iniisip mo na tinutulungan mo ang iyong sarili ngunit kabaligtaran ang pagsisinungaling na sinasabi mo ay babalik sa iyo at ito'y makakasakit sa iyo. Habang ang mga tao ay nagsisinungaling, maaari silang makaramdam ng pansamantalang ginhawa at kaunting pakinabang, ngunit sa kalaunan ang masasamang epekto ng kanilang mga kasinungalingan ay masasakripisyo sa kanilang mga buhay at magdudulot ng mga problema sa kanila.

Bakit nagsisinungaling ang mga tao at bakit ginagamit nila ang pagsisinungaling? Ang Lahat ay may kanya-kanyang dahilan at paninindigan, ngunit ang masasabi natin dito ay walang makakapag-bigay katwiran sa mga kasinungalingan dahil ito ay gawa ng diyablo at tiyak na magdadala ng masasamang bunga sa mga gumagamit nito. Tatalakayin natin ang ilang mga Kasulatan na nagsasalita tungkol sa mga taong gumamit ng

kasinungalingan upang mabuhay at makikita natin kung ano ang kanilang dahilan at ano ang naging bunga ng kanilang ginawa?

***"10 At nagkagutom sa lupaing yaon: at bumaba si Abram na nasok sa Egipto, upang manirahan doon; sapagka't mahigpit ang kagutom sa lupain. 11 At nangyari, nang siya'y malapit nang papasok sa Egipto, ay sinabi niya kay Sarai na kaniyang asawa, Narito, ngayon, talastas kong ikaw ay magandang babae sa tingin: 12At mangyayari na pag makikita ka ng mga Egipcio, ay kanilang sasabihin, Ito'y kaniyang asawa; at ako'y kanilang papatayin, datapuwa't kanilang ililigtas kang buhay. 13 Isinasamo ko sa iyo, na sabihin mong ikaw ay aking kapatid, upang ako'y mapabuti dahil sa iyo, at upang ang kaluluwa ko'y mabuhay dahil sa iyo." (Genesis 12:10-13 KJV)*** Ngayon ay hinarap ni Abram ang taggutom at inisip niyang sa pagpunta sa Egipto at sa pagsisinungaling ay magiging mas mabuti ang kanyang buhay. Hiniling niya sa kanyang asawa na magsinungaling na siya ay kanyang kapatid dahil iniisip niyang siya ay pagpapalain at ang kanyang buhay ay mapapangalagaan. Ngayon dito nakita natin na si Abram ay hindi nagtitiwala sa Dios kundi nagtitiwala sa kasinungalingan na hiniling niya sa kanyang asawa na sabihin. Ang kakulangan ng tiwala sa Dios at ang ganap na pagasa sa Kanya ay naguudyok sa mga tao na magsinungaling. Iniisip ng mga tao na kung sila ay magsisinungaling, sila ay mapapahalagahan. Ngunit sino ang nangangalaga sa atin kundi ang Panginoong Dios na Makapangyarihan, na ililigtas din tayo at pinanatili ang ating mga buhay habang tayo ay lubos na nagtitiwala lamang sa Kanya. Samakatuwid, kailangan nating umiwas sa lahat ng uri ng kasinungalingan upang ang Dios ay nariyan para sa atin at tutulong sa ating mga buhay, pangangalagaan tayo at ibigay ang lahat ng ating pangangailangan.

Ating basahin dito kung ano ang mga bunga ng pagsisinungaling ni Abraham sa kanyang buhay at sa buhay ng kanyang pamilya; ***"14 At nangyari, nang pumasok si Abram sa Egipto, nakita ng mga Egipcio, na ang babae ay napakaganda. 15 At nakita siya ng mga prinsipe ni Faraon, at kanilang pinuri siya kay Faraon: at dinala ang babae sa bahay ni Faraon. 16 At pinagpakitaan nito ng magandang loob si Abram dahil sa kaniya: at nagkaroon si Abram ng mga tupa, at ng mga baka, at ng mga asno, at ng mga aliping lalake at mga alilang babae, at ng mga asna, at ng mga kamelyo" (Genesis 12:14-16 KJV)*** Talagang maganda ang pagkakatrato kay Abram ngunit mayroong isang halaga na kanyang binayaran, ang kanyang asawa. Kung ikaw ay magsisinungaling na umaasang ikaw ay pakakitunguhan nang mabuti, maaaring pakitunguhan ka nga nang mabuti, ngunit ilagay mo sa isip mo na mayroong isang halaga na kailangan mong bayaran at babayaran mo ito.

***"17 At sinalot ng Panginoon si Faraon at ang kaniyang sangbahayan, ng malaking pagsalot dahil kay Sarai na asawa ni Abram. 18 At tinawag ni Faraon si Abram, at sinabi, Ano itong ginawa mo sa akin? Bakit hindi mo ipinahayag sa akin na siya'y iyong asawa? 19 Bakit sinabi mong siya'y aking kapatid? na ano pa't siya'y aking kinuha upang maging asawa: ngayon nga'y nariyan ang iyong asawa; siya'y kunin mo at yumaon ka. 20 At nagbilin si Faraon sa mga tao tungkol sa kaniya: at siya'y kanilang inihatid sa daan, at ang kaniyang asawa, at ang lahat ng kaniyang pag-aarI." (Genesis 12:17-20 KJV)*** Ang Dios ay maawain kay Abram at Sarai, at gumawa Siya ng paraan upang mailigtas sila mula sa banta na iniligay nila ang kanilang sarili. Nagpasimula ang Dios ng malaking salot kay Faraon at sa kanyang tahanan upang pigilan siya sa paghawak kay Sarai at marahil ay upang ipaalala sa kanya na kailangan niyang ibalik si Sarai kay Abram, ang kanyang asawa. Tinawag ni Faraon si Abram at pinagsabihan siya dahil sa kanyang ginawa at nararapat ito sa kanya. Dahil dito, gumawa ang Dios ng paraan upang makapagsisi si Abram at Sarai mula sa kasalanang iyon at nailigtas sila mula kay Faraon at sa gawain ng diablo sa lugar na iyon. Sa parehong paraan, haharapin tayo ng Dios at sasawayin tayo tungkol sa ating mga kasinungalingan upang linisin tayo at ibalik tayo sa kanya.

Hindi natin kailangang magsinungaling upang tanggapin ang ating pang araw-araw na tulong at maprotetahan o maligtas mula sa mga pagsubok. Ang biyaya ng Dios ay dakila at ang Kanyang paglingap para sa atin ay patuloy na darating sa atin hangga't nagtitiwala tayo sa Kanya at umaasa sa Kanyang Salita at mga pangako sa Bibliya, ***"20 Sapagka't maging gaano man ang mga pangako ng Dios, ay nasa kaniya ang oo: kaya nga naman na sa kaniya ang Siya Nawa sa ikaluluwalhati ng Dios sa pamamagitan namin." (1 Corinto 1:20 KJV) "9 Datapuwa't gaya ng nasusulat, Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, Ni hindi pumasok sa puso ng tao, Anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya. 10 Nguni't ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Dios sa pamamagitan ng Espiritu; sapagka't nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na mga bagay ng Dios." (1 Corinto 2:9-10 KJV)***

Ang pagsisinungaling ay hindi makakatulong sa atin sa ating pang araw-araw na pamumuhay ngunit ang pagtitiwala sa Dios at sa Kanyang Salita ay makakatulong sa atin na magkaroon ng kailangan natin habang tayo'y lumalakad nang tapat sa Kanya. ***"31 Ano ang ating sasabihin sa mga bagay na ito? Kung ang Dios ay kakampi natin, sino ang laban sa atin? 32 Siya, na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling anak kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin ng walang bayad ang lahat ng mga bagay?" (Roma 8:31-32 KJV)*** Ipinadala ng Panginoon ang Kanyang Anak ang Panginoong JesuCristo na namatay sa krus para sa ating mga kasalanan at nabuhay na maguli noong ikatlong araw mula sa mga patay upang bigyan

tayo ng buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan ng pagkamatay ni Jesus sa krus ang daan ay naging bukas para sa atin upang makarating sa Langit at makasamang magpakailanman ang Dios. Habang pumapasok si Jesus sa ating mga buhay, namumuhay tayo sa katotohanan at nagtitiwala sa Dios para sa lahat at sumusunod tayo sa Kanya at sa Kanyang Salita na may kaalaman na tutupdin Niya sa lahat ng Kanyang ipinangako sa atin. Kaya't kailangan nating mamuhay sa katotohanan at huwag magsinungaling dahil ang mga kasinungalingan ay may masamang resulta at sa huli ay hindi ito makakatulong sa atin kundi magdadala sa atin sa mga problema. Ngayon, ipagpatuloy natin ang pag-aaral sa buhay nina Abraham at Sarah.

***"1 At mula roon ay naglakbay si Abraham sa dakong lupain ng Timugan, at tumahan sa pagitan ng Cades at Shur; at siya'y nakipamayan sa Gerar. 2 At sinabi ni Abraham tungkol kay Sara na kaniyang asawa, Siya'y aking kapatid; at si Abimelech na hari sa Gerar, ay nagsugo at kinuha si Sara." (Genesis 20:1-2 KJV)*** Muli, dahil sa maling impormasyon na ibinigay ni Abraham, nagdulot kay Abimelek, hari ng Gerar, na gumawa ng isang bagay na mali at nagkasala siya sa pagkuha kay Sarah mula sa kanyang asawang si Abraham. Hindi nakinig si Abraham sa nakaraang karanasan kundi inulit niya ito. Kailangan mong makinig at mag-ingat na ang iyong mga kasinungalingan ay hindi makakatulong sa iyo kundi ilalagay ka lamang sa mga problema.

Maaari kang magbigay ng maling impormasyon sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga kasinungalingan; para sa iyo, maaaring ito ay isang maliit na kasinungalingan, o isang munting kasinungalingan at para sa ilan, maaari nilang tawagin itong malapit sa katotohanan, ngunit ang maliit na kasinungalingang ito sa huli ay isang kasinungalingan at ito ay magiging dahilan upang anyayahan ang Satanas na pumatay, magnakaw, at manira. Sa katunayan, hindi mo kailangan magsinungaling at ilagay ang iyong sarili at iba pa sa nakakahiya na mga sitwasyon. Magpatuloy nating basahin ang kwento: ***"3 Datapuwa't naparoon ang Dios kay Abimelech sa panaginip sa gabi, at sa kaniya'y sinabi, Narito, ikaw ay dili iba't isang patay dahil sa babaing iyong kinuha; sapagka't siya'y asawa ng isang lalake. 4 Nguni't si Abimelech ay hindi pa, nakasisiping sa kaniya: at nagsabi, Panginoon, papatayin mo ba pati ng isang bansang banal? 5 Hindi ba siya rin ang nagsabi sa akin, Siya'y aking kapatid? at si Sara man ay nagsabi, Siya'y aking kapatid; sa katapatang loob ng aking puso, at kawalang sala ng aking mga kamay, ay ginawa ko ito. 6 At sinabi sa kaniya ng Dios sa panaginip: Oo, talastas ko, na sa katapatang loob ng iyong puso ay ginawa mo ito, at hinadlangan din naman kita sa pagkakasala ng laban sa akin: kaya't hindi ko ipinahintulot sa iyong galawin mo siya. 7 Ngayon nga'y isauli mo ang asawa ng lalaking ito; sapagka't siya'y profeta, at ikaw ay ipananalangin niya, at mabubuhay ka: at kung di mo siya isauli, ay talastasin mong walang pagsalang mamamatay ka, ikaw at ang lahat ng iyo." (Genesis 20:3-7 KJV)*** Nakita natin dito na muling nakialam ang Dios upang iligtas si Sara at Abraham at ang lahat ng mga tao sa salaysay mula sa gawa ng diablo na nagsimula sa tinatawag ngayong maliit, munti o malapit sa katotohanan. ***"8 At si Abimelech ay bumangong maaga ng kinaumagahan at tinawag ang lahat niyang bataan, at sinabi sa kanilang pakinig ang lahat ng bagay na ito: at ang mga tao'y natakot na mainam. 9 Nang magkagayo'y tinawag ni Abimelech si Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Anong ginawa mo sa amin? at sa ano ako nagkasala laban sa iyo, na dinalhan mo ako at ang aking kaharian ng isang malaking kasalanan? Ginawan mo ako ng mga gawang di marapat gawin. 10 At sinabi ni Abimelech kay Abraham, Anong nakita mo na ginawa mo ang bagay na ito?" (Genesis 20:8-10 KJV)*** Muli si Abraham ay sinaway para sa kasinungaling na sinabi niya na nagdulot ng malaking problem sa mga taong nakapalibot sa kanya. Kaya't maging may kamalayaan na ang iyong pagsisinungaling ay magdudulot ng mga problem hindi lamang para sa iyo kundi gayundin sa mga taong nasa pangangalaga mo.

Ngayon makikita natin kung anong dahilan ni Abraham upang magsinungaling gaya ng mababasa natin dito, ***"11 At sinabi ni Abraham, Sapagka't inisip ko. Tunay na walang takot sa Dios sa dakong ito: at papatayin nila ako dahil sa aking asawa. 12 At saka talagang siya'y kapatid ko, na anak ng aking ama, datapuwa't hindi anak ng aking ina; at siya'y naging asawa ko; 13 At nangyari, na nang ako'y palayasin ng Dios sa bahay ng aking ama, na sinabi ko sa kaniya, Ito ang magandang kalooban mo na maipakikita sa akin; sa lahat ng dakong ating datnin, ay sabihin mo tungkol sa akin, Siya'y aking kapatid." (Genesis 20:11-13 KJV)*** Si Abraham ay natakot na mamatay dahil sa kanyang asawa, ngunit hindi siya nagtiwala sa Dios upang tulungan at protektahan siya, kundi nagtiwala siya at umasa sa kasinungalingan na sinabi niya bilang isang pagkukunan ng proteksyon. Ngunit tunay na tinulungan siya ng Dios at ipinakita sa kanya ng malinaw na tunay Siyang mapagkakatiwalaan para sa lahat ng bagay, at Siya ang maaaring maging pinagmulan ng proteksyon at kalayaan. Totoo na si Sarah ay isang kapatid niya mula sa ibang ina ngunit ang bagay dito ay nagsinungaling si Abraham na nagtitiwala na ito ang paraan upang mapanatiling ligtas. Ang paglingap ng Dios para sa atin ay hindi darating sa pagsisinungaling kundi darating ito kapag nagtitiwala tayo sa Kanya at umaasa sa Kanyang Salita at mga pangako bilang paglingap para sa ating buhay. Maaari mong sabihin kung ano ang sa panlabas ay mukhang katotohanan ngunit ito ay isang kasinungalingan na sinasabi mo, at ang iyong pagtitiwala ay nasa bagay na sinabi mo at hindi umaasa sa Makapangyarihang Dios at sa Kanyang mga pangako.

Basahin natin ang natitirang kwento at alamin kung paano tinapos ng Dios ang nakakahiyaing sitwasyong pinasok ni Abraham, at kung paano itinuro ng Dios sa kanya ang aral na hindi niya kailangang magsinungaling upang protektahan at ilaan sa kanyang sarili: ***"14 At si Abimelech ay kumuha ng mga tupa at mga baka, at***

***mga aliping lalake at babae, at ipinagbibigay kay Abraham, at isinauli sa kaniya si Sara na kaniyang asawa. 15 At sinabi ni Abimelech, Narito ang lupain ko ay nasa harapan mo: tumahan ka kung saan mo magalingin. 16 At kay Sara'y sinabi niya, Narito, nagbigay ako ng isang libong putol na pilak sa iyong kapatid: narito, ito sa iyo'y piring sa mga mata ng lahat ng kasama mo; at sa harap ng lahat ay nagbangong puri ka. 17 At nanalangin si Abraham sa Dios; at pinagaling ng Dios si Abimelech, at ang kaniyang asawa, at ang kaniyang mga aliping babae, na ano pa't nagkaanak sila. 18 Sapagka't sinarhang lubos ng Panginoon ang lahat ng bahay-bata sa bahay ni Abimelech, dahil kay Sara, na asawa ni Abraham." (Genesis 20:14-18 KJV)***

Mayroong napakalalim na pangangailangan na malaman ang katotohanan. May mga nagsasabi na walang ganap na katotohanan, at may mga nagsasabi na ang ganap ay hindi pa rin ang buong katotohanan. Ngunit ito ang tinatawag nating kasinungalingan ni Satanas na ginagawa ang lahat upang takpan at itago ang katotohanan mula sa pagdabot sa mga tao at makalaya.

Ang tanong dito ay, 'May katotohanan ba?' Ang sagot ay 'Oo'. Ang tanong, 'Saan natin matatagpuan ang katotohanan?' Ang sagot ay Nakita namin ito sa Bibliya'. *Una*, sa Salita ng Dios; sinabi ni Jesus. ***Juan 17:17 Pakabanalin mo sila sa katotohanan: ang salita mo'y katotohanan."*** *Pangalawa,* sa Panginooong JesuCristo sapagkat Siya ang katotohanan gaya ng ipinahayag Niya, ***"6 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko." (Juan 14:6)*** *Pangatlo,* sa Banal na Espiritu na ang katotohanan gaya ng ipinahayag ni Jesus, ***"12 Mayroon pa akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin, nguni't ngayon ay hindi ninyo mangatitiis. 13 Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating." (Juan 16:12-13 KJV)*** Ang Banal na Espiritu ay ang Espiritu ng katotohanan at gagabayan Niya tayo sa lahat ng katotohanan.

Ang Dios Ama ay ang katotohanan at walang ibang mga dios maliban sa Kanya, ***"6 Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Hari ng Israel, at ng kaniyang Manunubos, na Panginoon ng mga hukbo, Ako ang una, at ako ang huli; at liban sa akin ay walang Dios. 7 At sino, na gaya ko, tatawag, at magpapahayag, at magaayos sa ganang akin, mula nang aking itatag ang matandang bayan? at ang mga bagay na dumarating, at ang mangyayari, ay ipahahayag nila. 8 Kayo'y huwag mangatakot, o magsipangilabot man: hindi ko baga ipinahayag sa iyo nang una, at ipinakilala? at kayo ang aking mga saksi. May Dios baga liban sa akin? oo, walang malaking Bato; ako'y walang nakikilalang iba." (Isaias 44:6-8 KJV)***

Ang pagsamba sa mga dios-diosan ay isang kasinungalingan ng diablo at ito ay isang panlilinlang upang maligaw ang mga tao at ilayo sila mula sa Dios, ang kanilang Lumikha. Susuriin natin ang Kasulatan at kung ano ang sinasabi nito tungkol sa pagsamba sa mga dios-diosan. ***"9 Silang nangagbibigay anyo sa larawang inanyuan ay walang kabuluhan silang lahat; at ang kanilang mga bagay na kinaluluguran ay hindi mapapakinabangan: at ang kanilang sariling mga saksi ay hindi nangakakakita, o nangakakaalam man: upang sila'y mangapahiya. 10 Sino ang naganyo sa isang dios, o bumubo ng larawang inanyuan na di pakikinabangan sa anoman? 11 Narito, lahat niyang kasama ay mangapapahiya; at ang mga manggagawa ay sa mga tao: mapisan sila, magsitayo sila; sila'y mangatatakot, sila'y mangahihiyang magkakasama. 12 Ang panday bakal ay gumagawa ng palakol, at gumagawa sa mga baga, at inaanyuan yaon sa pamamagitan ng mga pamukpok, at ginagawa yaon ng kaniyang malakas na bisig: oo, siya'y gutom, at ang kaniyang lakas ay nawawala; siya'y hindi umiinom ng tubig, at pata. 13 Naguunat ang anluwagi ng isang pising panukat; kaniyang tinatandaan ng lapis; kaniyang inaanyuan sa pamamagitan ng mga katam, at kaniyang tinatandaan ng mga kompas, at inaanyuan ng ayon sa anyo ng tao, ayon sa kagandahan ng tao, upang tumahan sa bahay. 14 Pumuputol siya sa ganang kaniya ng mga cedro, at kumukuha ng puno ng roble at ng encina, at pinatitibay sa ganang kaniyang sarili ang isa sa gitna ng mga punong kahoy sa gubat: siya'y nagtatanim ng puno ng abeto, at yao'y kinakandili ng ulan. 15 Kung magkagayo'y ilalaan sa tao upang ipanggatong; at kumukuha siya niyaon, at nagpapainit; oo, kaniyang pinaliliyaban yaon, at ipinagluluto ng tinapay: oo, kaniyang ginagawang isang dios, at sinasamba; ginagawa niyang larawang inanyuan, at pinagpapatirapaan. 16 Kaniyang iginagatong ang bahagi niyaon sa apoy; ang bahagi niyaon ay ikinakain niya ng karne; siya'y nagiihaw ng iihawin, at nabubusog: oo, siya'y nagpapainit, at nagsasabi, Aha, ako'y naiinitan, aking nakita ang apoy; 17 At ang labis niyaon ay ginagawa niyang dios, sa makatuwid baga'y kaniyang larawang inanyuan: kaniyang pinagpapatirapaan at sinasamba, at dinadalanginan, at nagsasabi, Iligtas mo ako; sapagka't ikaw ay aking dios. 18 Hindi sila mangakakaalam, o nagsisigunita man: sapagka't ipinikit niya ang kanilang mga mata, upang sila'y huwag mangakakita; at ang kanilang mga puso, upang huwag silang mangakaunawa. 19 At walang nagpapaalaala o mayroon mang kaalaman, o unawa upang magsabi, Aking iginatong ang bahagi niyaon sa apoy; oo, ako naman ay nagluto ng tinapay sa mga baga niyaon; ako'y nagihaw ng karne at kinain ko: at gagawin ko baga ang nalabi niyaon na pinaka kasuklamsuklam? magpapatirapa baga ako sa puno ng isang punong kahoy? 20 Siya'y kumain ng abo:***

***iniligaw siya ng nadayang puso, at hindi niya mailigtas ang kaniyang kaluluwa, o makapagsabi, Wala bagang kabulaanan sa aking kanang kamay?" (Isaias 44:9-20 KJV)*** Malinaw ang sinasabi ng Bibliya rito na ang dios-diosan sa kamay ng lalaki na gumawa nito ay isang kasinungalingan. Ang pagsamba s adios-diosan ay kasinungalingan.

Mababasa rin natn ang tungkol sa walang halagang gawi ng pagsamba sa dios-diosan sa Jeremias, ***"1 Inyong dinggin ang salita na sinasalita ng Panginoon sa inyo, Oh sangbahayan ni Israel. 2 Ganito ang sabi ng Panginoon, Huwag kayong matuto ng lakad ng mga bansa, at huwag kayong manganglupaypay sa mga tanda ng langit; sapagka't ang mga bansa ay nanganglulupaypay sa mga yaon. 3 Sapagka't ang mga kaugalian ng mga bayan ay walang kabuluhan: sapagka't may pumuputol ng punong kahoy sa gubat, na siyang gawa ng mga kamay ng manggagawa sa pamamagitan ng palakol. 4 Kanilang ginagayakan ng pilak at ng ginto; kanilang ikinakapit ng mga pako at ng mga pamukpok, upang huwag makilos. 5 Sila'y gaya ng puno ng palma, na binilog, at hindi nagsasalita: kinakailangang pasanin, sapagka't hindi makalakad. Huwag ninyong katakutan ang mga yaon, sapagka't hindi makagagawa ng kasamaan, ni wala ring magagawang mabuti. 6 Walang gaya mo, Oh Panginoon; ikaw ay dakila, at ang iyong pangalan ay dakila sa kapangyarihan. 7 Sinong hindi matatakot sa iyo, Oh Hari ng mga bansa? sapagka't sa iyo nauukol; palibhasa'y sa gitna ng lahat ng pantas sa mga bansa, at sa lahat nilang kaharian, ay walang gaya mo. 8 Kundi sila'y pawang tampalasan at hangal turo ng mga dios-diosan, yao'y kahoy lamang. 9 May pilak na pinukpok na dinala rito mula sa Tarsis, at ginto mula sa Uphaz, na gawa ng manggagawa at ng mga kamay ng panday; azul at kulay ube ang kanilang damit; gawang lahat ng mga bihasang manggagawa. 10 Nguni't ang Panginoon ay tunay na Dios; siya ang buhay na Dios, at walang hanggang Hari: sa kaniyang poot ay nayayanig ang lupa, at hindi matatagalan ng mga bansa ang kaniyang galit." (Jeremias 10:1-10 KJV)*** Kung ang mga tao ay sumasamba sa mga dios-diosan at namumuhay ayon sa mga turo ng tao at mga gawi ng tao, sila ay namumuhay at nagsasagawa ng mga kasinungalingan at kasamaan ni Satanas.

***"11 Ganito ang inyong sasabihin sa kanila, Ang mga dios na hindi gumawa ng langit at ng lupa, ang mga ito ang mangalilipol sa lupa, at sa silong ng langit. 12 Kaniyang ginawa ang lupa sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan, kaniyang itinatag ang sanglibutan sa pamamagitan ng kaniyang karunungan, at kaniyang iniladlad ang langit sa pamamagitan ng kaniyang pagkaunawa:" (Jeremias 10:11-12 KJV) "3 Nguni't ang aming Dios ay nasa mga langit: kaniyang ginagawa ang kaniyang ibigin. 4 Ang kanilang mga diosdiosan ay pilak at ginto, yari ng mga kamay ng mga tao. 5 Sila'y may mga bibig, nguni't sila'y hindi nangagsasalita; mga mata'y mayroon sila, nguni't hindi sila nangakakakita; 6 Sila'y may mga tainga, nguni't hindi sila nangakakarinig; mga ilong ay mayroon sila, nguni't hindi sila nangakakaamoy; 7 Mayroon silang mga kamay, nguni't hindi sila nangakatatangan; mga paa ay mayroon sila, nguni't hindi sila nangakalalakad; ni nangagsasalita man sila sa kanilang ngalangala. 8 Ang nagsisigawa sa kanila ay magiging gaya nila; Oo, bawa't tumitiwala sa kanila." (Awit 115:3-8 KJV)*** * Ang mga diod-diosan ay hindi lamang walang silbi kundi nakakapinsala rin, at ang mga taong gumawa nito at sumusunod sa mga kasinungalingan ay magwawakas sa kamatayan at pagkawasak. Bakit may mga tao na gumagawa ng mga dios-diosan at sumasamba sa mga ito at sumusunod sa mga paraan ng tao at sa mga turo at tradisyon ng tao? Dahil wala silang tiwala sa Panginoon at sa Kanyang Anak na si Jesus at sa Kanyang Salita na nasa Bibliya. * Ang mga maling relihiyon at maling turo ay sinisira ang katotohanan at nag-aalok ng maling mga pangako at huwad na kahalahagan na naaangkop sa pagnanasa ng tao at upang masiyahan ang kanilang makasalanang kalikasan upang mahikayat silang iwanan ang tunay na Dios at sundan ang mga pandaraya at kasinungalingan.

***Sa aking Mahal at Minamahal: "8 Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. 9 Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." (1 Juan 1:8-9 KJV)*** Ang Dios ay gumagawa ng paraan para sa iyo sa pammagitan ng mensaheng ito. Kung nagsinungaling ka at namumuhay ka sa kasinungalingan kung gayon ito na ang panahon para sa iyo na magsisi, talikuran ang iyong mga kasinungalingan at maligtas mula sa diablo at sa lahta ng masasamang kapangyarihan nito at bumalik sa Dios..

***7 Ang iba ay tumitiwala sa mga karo, at ang iba ay sa mga kabayo: nguni't babanggitin namin ang pangalan ng Panginoon naming Dios. 8 Sila'y nangakasubsob at buwal: nguni't kami ay nakatindig at nakatayo na matuwid. 9 Magligtas ka, Panginoon: sagutin nawa kami ng Hari pagka kami ay nagsisitawag." (Awit 20"7-9*** Kailangan natin palaging sabihin ang katotohanan, dahil naniniwala tayo na ang paglapat ng ating buong tiwala sa Dios at sa Kanyang Salita ay ang katotohanan.

Kailangan natin pagkatiwalaan Siya at pagkatiwalaan ang Kanyang Salita at mga pangako. Siya ang ating kalasag, ating kanlungan at ating tulong sa panahon ng pangangailangan. Siya ang ating Manlilikha at Siya lamang ang makakatulong sa atin. Halika na sa Dios, magsisi sa lahat ng iyong mga kasinungalingan at magsisi sa iyong pagsamba sa mga idolo, at simulan ang pagtitiwala sa Kanya at pagtitiwala sa Kanyang Salita at mga pangako. Manalangin tayo … .

***Ang aking panalangin:****Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namaaty sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong Salita na ipinakita sa akin ang mga panganib at ang msamang epekto ng pagsisinungaling. Panginoon salamat para sa lahat ng mga pagtutuwid, ng pagsaway, at ang pagpapayo na tinanggap namin sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at ipagtapat at talikuran ang iyong pagsisinungaling, pagkatakot sa tao, kawalan ng pagtitiwla sa Dios. Ipagtapat ang iyong pagsamba sa dios-diosan at talikuran ang dati, kinaugalian at relihiyosong gawi na salungat sa Salita ng Dios, Ipagtapat at talikuran ang iyong pagnanasa, sekswal na imoralidad at ang lahat ng mga agwa ng laman. Ipagtapat at talikurana ng iyong kamunduhn at pagibig sa materyal na mga bagay. Ipagtapat at talikuran ang iyong pakikisama sa hindi mga mananampalataya, at pagkaalipin sa Media, balita, at laro. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan ng pagbabasa ng Salita ng Dios sa iyong Bibliya at kakulangan mo ng pananalangin. Panginooon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan ____________________________.*

*Panginoon Ako'y nagsisi sa mga sumusunod na kasinungalingan _____________ at sa kakulangan ng pagtitiwala sa iyo. Panginoon, muling itayo mo ako sa pamamagitan ng iyong Salita at mga pangako at iligtas mo ako at ang mga tao kasama ko tulad ng pagligtas mo kay Abraham at sa kanyang pamilya mula sa bitag ng pagsasabi at pagtitiwala sa mga kasinungalingan. Panginoon, inilalagay ko ang aking buong pagtitiwala sa iyo na ikaw ang magiging tagapagtanggol ko, iligtas ang aking buhay, tratuhin ako nang maayos at tugunan ang lahat ng aking pangangailangan. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili sa iyong kamay, na ako'y aalis sa lahat ng mga dios-diosan at mga gawi ng tao at mga turo ng kaaway. Panginoon, susundin kita at magkakaroon ng buong pagtitiwala sa iyong Salita at sa lahat ng iyong pangako, ito ang lahat na aking hinihiling at ipinapanalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoong salamat para sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at tumugon sa aral ng iyong Salita sa mensaheng ito at iniwanan ang kanilang mga kasinungalingan. Panginoon patuloy silang linisin mula sa kanilang mga kasalanan at patnubayan silang mamuhay ayon sa iyong kalooban at mga plano. Panginoon protekahan sila mula sa diablo at mga kasamaan nito at kasinungalingan. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at gamitin sila upang paglingkuran ka at gawin silang mabuting halimbawa sa iba upang sundin ka.*

*Panginoon, pagpalain kami bilang iyong simbahan, Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na mamuhay sa pagsunod sa iyong Salita na tinanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon protektahan kami at gabayan kami na magpatuloy sa buhay at ministerion pagtitiwala sa iyo ng lubos, paggawa ng desiyon na naayon sa iyong kalooban at plano para sa amin. Panginoon hiling namin na puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan naming magpatuloy at mag evangelio, at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa na yumoan at magtanim ng maraming bagong pag aaral ng Bibliya a kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com